# Si Mabait at ang mga Daliri ng Liwanag

Eugene Y. Evasco

---

*Sinopsis*

Ang kuwento ay isang pantasya batay sa isang pamahiing Tagalog. Ang pangunahing banghay ay sumusubaybay sa mga pakikipagsapalaran ni Mabait, ang dagang nahumaling sa liwanag at sa daigdig sa labas ng lungga. Kuwento rin ito ng pamilya ni Mabait na naninirahan sa karimlam. At isa rin itong kuwentong ng batang ipinaglalaban ang tila imposibleng pangarap: ang pakikipagkaibigan sa isang peste.

Mga susing salita: *kuwentong pambata, pabula, pantasya, daga, pagkakaibigan*

*Synopsis*

The story is an animal fantasy based on a Tagalog superstition. The main plot follows the adventures of Mabait, a mouse who is in love with light and the outside world. It is also a story about Mabait's family who lives in the darkness. And it is a story of a little girl who pursues an impossible wish: a friendship with a pest.

Keywords: *children's fiction, fable, animal fantasy, mice, friendship*

## Si Mabait at and Mga Daliri ng Liwanag

May isinilang na anim na daga sa kailaliman ng antigong aparador. Ang bunso, ang ikawalampu't apat na anak, ang ikinabahala ng mag-asawang daga. Hinawi ng bagong silang ang kumot ng lumang damit, sumilip sa siwang, at kinilala ang paligid. Mulat niyang tinitigan ang liwanag. Hinding-hindi siya pumikit. Hindi siya kumurap.

Biglang-bigla, bumuhos ang liwanag. Tumalsik ito sa mata ng mga daga. Nakabubulag. Walang magawa ang mag-asawang daga kundi tumalilis at nanalanging hindi mapahamak ang kanilang mga sanggol.

"May mabait!" Nabingi ang ikawalumpu't apat na daga sa hampas ng walis at talsik ng tsinelas. Agad siyang nagsumiksik sa magkakapatong na kumot. Naiwang himbing ang limang bulag niyang kapatid. Lantad sila sa harap ng dambuhalang anino. Sa pagsilip, isa-isang isinilid sa kahon ng sapatos ang nahihimbing niyang kapatid.

Ang pangyayaring iyon ang nagpakilala sa bunsong daga ng mahiwaga salita. *Mabait! Mabait!* Musika iyon sa pandinig. Namugad sa puso ni Mabait ang katutuklas niyang pangalan.
*Mmma-bait. Ma-ba-it. Mabait.*

Kumalat sa madidilim na sulok ang lagim sa kailaliman ng antigong aparador. Limang bagong silang na daga ang dinagit ng dambuhalang anino. Ngunit ang kamangha-manghang balita, nakaligtas ang pinakabunsong daga—malago ang mga balahibo, mapantuklas ang mga tainga, at mulat ang kumikislap na mata. Si Mabait
ang dagang nakaligtas.

Lagi na lamang nakadungaw sa siwang si Mabait. Nais niyang humilata sa tabi ng siwang na pinaglalagusan ng sinag-araw. Napailing na lamang ang kaniyang magulang. Walang hilig sa bugok na itlog, sa inaamag na keso, sa maasim at bumubulang sabaw ng repolyo ang ikawalumpu't apat nilang supling. "Kumain ka naman at walang sustansiya

ang iyong kinakain!" hikbi ng dagang inang napakababaw ng luha. Hilig kasing nguyain ni Mabait ang isang hiwang karot, piraso ng papaya, at kung suwerte'y isang bungang bayabas at kamatis.

Wala ring hilig si Mabait sa paghahasa ng ngipin at kuko. Kay tutulis ng ngipin at kay tatalas ng kuko ng mga kababata niyang daga. Madalas nga siyang tuksuhing, "Nandiyan na si Mapurol." At bigla silang maghahagikhikan. "Biruin n'yo, laging nginangata ang hangin."

Sa mga pagsasanay sa mahahalagang dokumento at mamahaling kurtina, nangingitngit ang ngipin ng mga batang daga habang naliliyo naman si Mabait—*fssssssk, fssssssk.* Walang tigil silang nagngingitngit na ngatngat-nguya-ngasab-ngabngab-ngata-ngalot, tila nang-iinis pa kay Mabait.

Isang gabi, habang naghahapunan ang mag-anak ng makunat na keso de bola at lusaw na kesong puti, nagtanong si Mabait sa magulang at mga kapatid—

"Mabait ba talaga tayong mabait?"

Nanginig ang mag-anak sa tanong na iyon. Agad silang nagpatuloy sa pagngatngat ng makunat na keso de bola. Nagngingitngit sila sa pagnguya.

Pakiramdam ni Mabait, silang mga mababait ay nakatira sa tiyan ng pusa. Nagsisiksikan sila sa loob. Kinukumutan sila ng dilim; napalilibutan ng kalansay ng butiki, basag na itlog ng ipis, at lagot na sapot ng gagamba.

Makailang beses na rin niyang hinimok ang mga daga na tuklasin ng liwanag. Nais niyang sabay silang mamamangha sa mga bituin, buwan, at araw. Ngunit nakagapos sa dilim ang leeg, binti, at buntot ng mga daga. Tumakas ma'y hinihila sila pabalik sa mga lungga. Maliban kay Mabait.

Kaya sa halip na kumupit ng danggit, mangangalkal si Mabait sa tambakan ng mga larawan, selyo, at retaso ng ano-

anong kulay. At saka niya ididikit at isasabit ang mga ito sa mga limot na sulok. Kahit papaano, nakapapasok ang kulay sa lungga.

Sa tuwing may pagtatanghal, nangunguna si Mabait sa pag-awit. Hindi siya aawit ukol sa keso ang buwan at tsokolate ang mga bituin. Hindi siya aawit ukol sa pagkabigo sa paghahanap ng tinapa. Sa halip, aawit siya ukol sa mga daliri ang liwanag. Gagapang ito sa paligid, dadakmain ang mga anino, at nagkakakulay ang anumang masasalat.

Sa pag-awit ni Mabait, tumatagos ang mga daliri ng liwanag sa pinakamadilim na sulok ng lungga. Naluluha ang mga daga sa pakikinig. Di alam ni Mabait kung dahil ito sa rikit ng kaniyang awit o sa liwanag na sumuot sa isip ng mga daga.

At ang magulang at mga kapatid ni Mabait? Hihikab lamang sila, muling ngangatngat-ngunguya-ngangasab ng sirang keso, at saka magsusumiksik sa madilim nilang lungga,kasingdilim at kasinlagim ng loob ng tiyan ng pusa.

Isang araw, bumilog tulad ng itlog ng butiki ang mata ni Mabait. Karga ng bata ang isang dagang kosta. “Tisay,” parang umaawit ang bata. “O aking Tisay.”

Sinusuklay ng bata ang makintab nitong balahibo. Napapikit si Mabait. Sa kaniyang isip, siya, si Mabait, ay alaga rin ng bata—kinakalong, idinuduyan sa bisig, pinakakain sa palad, pinatutulog sa balikat, at hinahaplos ang ulo.

Lagi’y nakatanaw si Mabait sa kahong salamin. Sa loob nito’y may mahiwagang palaruan. May padulasan. May tubong pasikot-sikot. At may munting tsubibong gulong nang gulong! Sa loob nito, takbo nang takbo si Tisay nang di umaalis sa pinagtatakbuhan.

Pinaghehele si Mabait ng langitngit ng tsubibo—*kriiits, kriiits, kriiits.* Walang tigil sa pagbungisngis si Tisay. Naalimpungatan na lamang si Mabait sa nagngingitngit na pagngatngat ng kaniyang magulang at mga kapatid.

“Dumarami ang mabait dito sa bahay!” himutok ng lola habang ibinabasura ang mga pagkaing nginatngat-nginuya-nginasab-nginabnab-nginata-nginalot ng mga daga. Iniangat ni Mabait ang kaniyang ilong sa hangin at tumayo ang kanyang tainga.

“At lalong tumatalino!” palahaw ng lola. Lumiyad ang dibdib ni Mabait. Nakarinig na naman siya ng magandang puna sa kanilang pangalan.“Di man tinikman ang mga pulang butil. Ni di man lang maakit sa malagkit na banig.”

Lumapit ang bata sa kanyang lola. “Bakit po sila tinatawag na mabait?” Tumigil ang lola sa ginagawa at may ibinulong. Mahinang-mahina. May inililihim. Hindi iyon marinig ni Mabait kahit lalong tumulis ang tainga. Kita niyang nangingiti ang lola. At saka nagpakawala ito ng malusog na bungisgis.

Nang gabing iyon, kitang-kita ni Mabait ang mga kahindik-hindik ngunit katawa-tawang larawang idinidikit ng lola. Pinili ng lola ang mga butas sa dingding, ang mga siwang sa aparador, ang mga sulok sa bodega. May larawan ng apo niyang nagduduling-dulingan. May larawan ng masungit na mukha. May mukhang pikon. May mukhang nalugi. May gulat na gulat. May nakapikit. May nandidilat. May bungi. May maiitim ang ngipin. May sungki-sungki ang ngipin. May mukhang nakalawit ang nakarolyong dila.

Imbes na mangilabot sa mga larawan, naghagalpakan, naghagikhikan, at naghalakhakan ang mga daga. Nang himbing na ang lola, naglabasan ang mga kapatid ni Mabait. *Balak pa tayong takutin? Sino ang tinakot niya.*

Nilusob ng mga daga ang kahon sa tabi ng kama. Dito nakatago ang mga paboritong balabal ng lola. Pinag-agawan at pinagpasa-pasahan nila ang balabal—*trrrrk, trrrrk, trrrk.* Pinira-piraso nila ito at hinimay, kabaligtaran ng maingat na paggagantsilyo. Tinangay din nila ang pustiso ng lola na nakalubog sa baso ng tubig!

Pagkaraan ng kanilang misyon, marahang kinagat ng pinaka-kuya ni Mabait ang talampakan ng lola. Kumaripas sila ng takbo patungo sa madidilim na sulok. Di malaman ng lola kung bakit siya nagising. Di rin niya alam kung sino ang nanggising. Nang malamang hindi panaginip ang lahat, tumili nang tumili ang lola sa nakita. "An bayabay ke! An bayabay ke!" Di siya makabigkas nang husto dahil sa nawawalang pustiso.

Pero ang huling sigaw niya ay napakalinaw, "Pesteng daga! Peste!"

May sibat na tumarak sa dibdib ni Mabait. Asintang-asinta. Kinilabutan si Mabait. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Paanong magiging peste ang mabait? Sa kauna-unahang pagkakataon, nginatngat-nginuya-nginasab-nginabnab-nginata-nginalot niya ang kesong paborito ng magulang.

"Peste tayo," pahayag ng ina kay Mabait. "Masakit pero totoo."

Inilahad naman ng ama ang kasaysayan nilang mga daga sa tao. "May pinag-eeksperimentuhan ng doktor. Aguy! Aguy! May nilulunod sa kumukulong tubig. Aguy! Aguy! May pinatutuka sa ahas. Aguy! Aguy! May pinalalapa sa pusa. Aguy! Aguy! At may pinahahanap ng kapalaran sa roleta."

May lihim na sulok sa kailaliman ng antigong aparador. Dito iniimbak ng mga mababait ang basag na puting porselana mula sa plorera, pigurin, baso, pinggan. Ito ang lunggang hitik sa ningning at salamangka. Nakasalansan ang pinakamakinis na porselana na kumukutitap sa katiting na piraso ng liwanag, sa munting piraso ng liwanag.

Minsan nang natuklasan ni Mabait ang sulok na ito. Madalas, nais ni Mabait na saliksikin ito at hawakan ang kinis ng mga piraso ng porselana. Ngunit bata pa lamang daw siya at mapurol pa ang mga kuko at ngipin. Kailangan pa niya ng ensayo.

Masusing pinag-aralan ni Mabait ang batang may alaga ng dagang kosta. Tahimik tulad ng anino, lumikha si Mabait ng mapa ng silid ng bata. Sa mga dingding, kabinet, salamin at ibabaw ng kama nito, nakapaskil ang mga larawan ng dagang nasa tabi ng

kastilyo, nakabihis tulad ng madyikero, nakalaso, nagbibisikleta, at nagpipiknik sa tabing-dagat. Naisip ni Mabait, “Mahilig siya sa mababait. Mukhang mabait ang batang ito sa tulad kong mabait.”

Naghintay si Mabait ng tamang panahon. Nag-iisa lamang sa silid ang bata. Inilabas ni Mabait ang kaniyang nguso sa butas, sumunod ang kanang tainga, at ang kaliwang tainga. “Magpakilala kaya ako?” bulong niya sa sarili. Bumalik muli siya sa butas. “Bulyawan kaya niya ako?” Lumusot ang kaniyang buong ulo sa butas. “Hindi kaya siya matakot?” Nakalabas na ang kaniyang kalahating katawan.

Sa wakas, nagpakawala si Mabait ng matinis na “Eeeeeep!” Napalingon ang bata. Nagkatinginan sila. Mata sa mata. Lumitaw mula sa butas ang daga.

Isang munting hakbang ni Mabait, isang dakilang lundag ng sangkadagaan.

Mula sa dilim, lumuwa ang mata ng magulang at mga kapatid ni Mabait. Pinigil nila ang kanilang hininga. Huminto ng ilang sandali ang orasan. Sa sobrang tahimik, dinig ang dugong dumadaloy sa kanilang mga leeg.

Kitang-kita ng bata ang kaanyuan ni Mabait—isang dagang malaki pa sa mukha ang ngiti. Dahan-dahang lumapit ang daga at pinagbuhol na parang laso ang kaniyang buntot. “Ako si Mabait,” nahihiyang wika ng daga. “Hindi peste o mapurol. Mabait.”

“Tamang-tama!” May lumulundag na daga sa dibdib ng bata. “May bago na kaming kaibigan. Ako at si Tisay.”

May bago na namang salitang namugad sa puso ni Mabait—kaibigan.

Kinurot ni Mabait ang sarili sa takot na ito’y panaginip. Kung anong ligaya ang kaniyang nararamdaman. Nagpadakma siya sa mga daliri ng liwanag. Kumislap ang bawat hibla ng kaniyang balahibo. Sumilay ang bahaghari sa kaniyang mga mata. Nagniningning

ang paligid. Ngayon lamang nakaramdam si Mabait na hindi niya kailangang kumaripas ng takbo at magtago sa ilalim ng mga kumot.

Matapos siyang subuan ng tsokolate, inilapag siya ng bata sa balikat nito. Pakiramdam ni Mabait, nasa duyan siya. Nais niyang umidlip ngunit baka bawiin ng panaginip ang nangyayari. Iniangat siya ng bata. Saka inilapag sa kahong salamin.

Nagtatalon naman sa galak si Tisay. "May kaibigan na ako!" Halos tili nito.

Sumampa si Mabait sa tsubibo. *Kriiits, kriiits, kriiits.* Pagkaraa'y naglambitin siya sa tulay na lubid. Nagpalukso-lukso pa siya sa kahon ng itlog. At kasabay sa paghalakak ni Tisay, nagpagulong-gulong at nagsabuyan sila ng mga kusot.

"May mabaiiiiit!" Dinig sa buong tahanan ang palahaw ng lola, umabot hanggang sa mga lihim na lungga. Kitang-kita niya ang bagong daga—kakulay ng alikabok, kakulay ng putik. Ang hiyaw na iyon ay nasa pagitan ng pagkagulat at pangingilabot. "Itapon mo iyan! Maghugas ka ng kamay! Marami iyang mikrobyo at magkakasakit ka!"

"Pero alaga ko siya," naluluhang paliwanag ng bata.

Kaybilis ng mga pangyayari. Tulad ng magagandang panaginip, hindi nagtagal ang pagiging alaga ni Mabait.

Hiyang-hiyang kumaripas ng takbo si Mabait sa inaakala niyang loob ng tiyan ng pusa. Sumambulat ang dilim. Kung anu-anong usap-usapan ang kaniyang narinig. Di na nahiya. Ang lakas ng loob. *At gusto pang maging alaga! Pasalit-salit iyon sa kaniyang pandinig hanggang sa hinablot ng dilim si Mabait.*

Isang araw, narinig ni Mabait ang hiling ng batang kumupkop sa kaniya.

*Mabait, kaibigang Mabait,*
*Palitan itong bulok kong ngiping nalagas*
*Ng bagong ngiping maputi, maningning, at matalas.*

Pagkaraang humiling, inihagis ng bata ang ngipin sa bubungan ng kanilang bahay.

May nagningas sa isip ni Mabait—lihim na sulok na puno ng porselana, ngipin, kuko, lubid. Hinihimas niya ang nguso habang nag-iisip. Nagniningning ang kaniyang mukha, may sumasayaw na liwanag sa kalooban niya.

Dali-daling inakyat ni Mabait ang bubungan at inangkin ang nalagas na ngipin. Pasan-pasan niya ito hanggang sa kanilang lungga. Sinukat niya ang lapad at ang taas ng ngipin. Sinuyod ni Mabait ang pinakamaputi at pinakamakinis na porselana.

Gamit ang kanyang ngipin at kuko, lumilok si Mabait ng ngipin mula sa piraso ng porselana. Tinularan niya ang hubog at hugis ng nakaw na pustiso ng lola. Galak na galak si Mabait sa nililikha—nginatngat-nginuya-nginasab-nginabnab-nginata-nginalot. Hindi niya namalayang tumatalas ang kaniyang mga ngipin at kuko habang lumililok.

Kinagabihan, habang himbing ang bata, dahan-dahang inakyat ni Mabait ang kama. Dahan-dahan. Dahan-dahan. Yakap-yakap ni Mabait ang bagong ngipin. Hindi niya pinahihintulutang magasgasan ito o sumayad sa sahig.

Pagkuwa'y sumuot siya sa bibig ng bata. Hinawi niya ang mga sukal sa gilagid, humukay sa bunging bahagi, at itinanim ang bagong ngipin.

*Kaibigan, kaibigan,*
*Papalitan ko ang bulok mong ngiping nalagas*
*Ng bagong ngiping maputi, maningning, at matalas.*

Gabi-gabi, inip na inip na naghihintay si Mabait na tumubo ang ngiping itinanim. Sa simula'y may lumitaw na puting tuldok. Kinabahan si Mabait. Di na siya makatiis. Gamit ang lubid, hinila

niyang paangat ang ngipin. Kaybilis tumubo ang bagong ngipin!

Lumipas pa ang mga pagkakataong umuga at nahulog ang ngipin ng bata. Tuwing humihiling ang bata, tutuparin agad ito ni Mabait. Sa ikalimang pagkabungi, nahuli si Mabait ng bata. Huli siya sa akto ng pagsalo. Mahigpit na napayakap ang daga sa ngipin.

"Totoo pala ang sabi-sabi," bulong ng bata at hinimas ang ulo ni Mabait.

Takang-taka ang magulang at lola sa pantay, matibay, at mapuputing ngipin ng bata. Inisip nila ang mga ngipin ng kanilang ninuno. Napatakip sila ng bibig. Nasa lahi nila ang sungki-sungki, bukbukin, at dilaw na ngipin. Ligid pa ng alambre ang mga ngipin ng magulang. At ang lola'y hindi ngumingiti kapag walang pustiso.

Nais magpaliwanag ng bata. Paniwalaan kaya siya? Baka naman pagtawanan lang siya. Inis na inis ang bata sa pagkilatis sa kanyang ngipin. Nabigkas niya ang pangalan ng kaibigang daga. Mabait.

Pinandilatan siya ng lola, nagsalubong pa ang manipis at abuhing kilay.

"Totoo," pagtatanggol ng bata. Mula sa kinatatayuan, kitang-kita niya si Mabait sa sulok ng aparador, may hawak na porselana, kumakaway at naglulundag.

"Kaya ba niyang palitan," hamon ng lola, "ng totoong ngipin ang aking pustiso?"

Nangiti ang bata. "Humiling po kayo," payo niya sa magulang at lola. Itinuro niya ang awit. Matapos ang mabilisang ensayo, agad hinugot ng magulang at lola ang kanilang mga pustiso. Humumpak ang kanilang pisngi; lalong tumulis ang kanilang baba. Muntik nang maiyak ang bata sa takot. Mukhang bungo ang nakita niya sa magulang at lola.

Sabay nilang inihagis sa bubungan ang mga naninilaw na pustiso.

*Mabait, kaibigang Mabait,*
*Palitan ang aming pustisong nalagas*
*Ng tunay na ngiping maputi, maningning, at matalas.*

Pitong tulog ang lumipas, naglulundag ang mag-anak sa kanilang mga bagong-tubong ngipin. Para silang mga batang nakatanggap ng sorpresa. Nagkislapan pang lalo ang mga bagong ngipin nang nahipo ito ng mga daliri ng liwanag.

“Pangako,” pahayag ng lola. “Ngiti na ang isasalubong ko sa mabait.”

Dito isinilang ang alamat ng ikawalumpu’t apat na mabait. Wala nang kasamang walis at tsinelas habang binibigkas ang pangalang Mabait. Naglaho na ang salitang peste sa anumang pananalita. Hindi na nakagapos sa dilim ang mga buntot, leeg, at paa ng daga. Pinaliliguan na sila ng pinakamatingkad na liwanag, pinagniningning pang lalo ng mga ngiping inuukit ni Mabait.

Kapag inaalala ng mag-anak ang pagkakaibigan nila sa mga daga, paulit-ulit ibinibida ng bata ang kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ni Mabait. Nakapaligid sa kanya ang lahat—sariling magulang, lola, at ang mga daga. Matipid namang ngingiti si Mabait. Nakakandong sila ni Tisay sa bata. Magkabuhol na tila laso ang buntot nila ng dagang kosta. Ganito laging sinisimulan ng bata ang alamat:

“May isinilang na anim na daga sa kailaliman ng antigong aparador. Ang bunso, ang ikawalampu’t apat na anak, ang ikinababahala ng mag-asawang daga. Hinawi ng bagong silang ang kumot ng mga retaso, sumilip sa butas, at kinilala ang paligid. Mulat niyang tinitigan ang liwanag. Hinding-hindi siya pumikit. Hindi siya kumurap.”